Ang paghahalintulad sa mga mananampalataya sa pagmamahalan nila, pag-aawaan nila, at pagdadamayan nila ay tulad ng katawan: kapag may dumaing mula rito na isang bahagi, magtatawagan para rito ang nalalabi sa katawan sa puyat at lagnat."}

Ayon kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang paghahalintulad sa mga mananampalataya sa pagmamahalan nila, pag-aawaan nila, at pagdadamayan nila ay tulad ng katawan: kapag may dumaing mula rito na isang bahagi, magtatawagan para rito ang nalalabi sa katawan sa puyat at lagnat."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kinakailangan na ang kalagayan ng mga Muslim sa isa't isa sa kanila ay maging batay sa pagkaibig sa kabutihan, pagkaawa, pag-alalay, at pag-aadya. Ang pagkaperhuwisyo sa anumang nangyayari sa kanila na kapinsalaan ay katulad ng iisang katawan: kapag may nagkasakit mula rito na isang bahagi, nakikidamayan dito ang katawan sa kabuuan nito sa puyat at lagnat.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4969